

SAMPLE NG PAGSUSULIT SA KAALAMAN #1 – Tagalog

1. Kapag nagmamaneho ka sa isang lugar ng konstruksyon, dapat kang:
 - a. Magmabagal upang panoorin ang mga manggagawa.
 - b. Bawasan ang iyong distansya sa pagsunod.
 - c. Daanan ang lugar ng konstruksyon nang maingat at huwag “mang-usyoso”.
2. Upang kumanan sa isang kanto, ikaw ay:
 - a. Hindi maaaring pumasok sa linya sa pagbibisikleta.
 - b. Dapat lamang pumasok sa linya sa pagbibisikleta kung tumigil ka bago lumiko.
 - c. Dapat na pumasok sa linya sa pagbibisikleta bago lumiko.
3. Kung hindi gumagana ang traffic signal light, dapat kang:
 - a. Huminto, pagkatapos ay magpatuloy kapag ligtas.
 - b. Huminto bago pumasok sa panulukan at hayaang mauna ang ibang trapiko.
 - c. Magmabagal o huminto, kung kinakailangan lamang.
4. May pedestrian na naglalakad sa iyong linya ngunit walang minarkahang tawiran. Dapat mong:
 - a. Tiyakin na makita ka ng pedestrian, ngunit magpatuloy sa pagmamaneho.
 - b. Maingat na magmaneho sa palibot ng pedestrian.
 - c. Huminto at hayaan ang pedestrian na tumawid sa kalye.
5. Palaging gamitin ang iyong seat belt:
 - a. Maliban kung nabuo ang sasakyan bago ang 1978.
 - b. Maliban kung ikaw ay nasa isang limousine.
 - c. Kapag may mga seat belt ang sasakyan.
6. Kailangan ang sobrang puwang sa harap ng isang malaking trak para sa:
 - a. Ibang mga nagmamaneho kapag papasok sa isang freeway.
 - b. Nagmamaneho ng trak upang ihinto ang sasakyan.
 - c. Ibang mga nagmamaneho kapag gusto nilang magmabagal.
7. Madulas ang mga kalsada sa simula ng pag-ulan. Kapag madulas ang kalsada, dapat mong:
 - a. Iwasan ang mabibilis na pagliko at mabibilis na paghinto.
 - b. Subukan ang kapit ng iyong mga gulong habang papaakyat.
 - c. Bawasan ang distansya at tingnan ang nasa harap ng iyong sasakyan.
8. Maaaring maganap ang mga bangaan nang madalas kapag:
 - a. Naglalakbay ang lahat ng mga sasakyan sa halos magkakaparehong bilis.
 - b. Mas mabilis na naglalakbay ang isang linya ng trapiko kaysa sa ibang mga linya.
 - c. Naglalakbay ang isang sasakyan nang mas mabilis o mas mabagal kaysa sa daloy ng trapiko.

SAMPLE NG PAGSUSULIT SA KAALAMAN #2 – Tagalog

1. Kapag pumasok ka sa trapiko mula sa pagkakahinto (palayo mula sa bangketa), ikaw ay:
 - a. Dapat magmaneho nang mas mabagal kaysa sa trapiko nang 200 talampakan.
 - b. Nangangailangan ng sapat na malaking agwat upang makasabay sa bilis ng trapiko.
 - c. Dapat na maghintay na makalagpas ang unang dalawang sasakyan, pagkatapos ay pumasok sa linya.
2. Kapag lalagpasan ang isa pang sasakyan, ligtas na bumalik sa iyong linya kung iyong:
 - a. Hindi makita ang sasakyang direktang nasa kanan mo.
 - b. Nakikita ang mga headlight ng sasakyan sa iyong rear view mirror.
 - c. Nalagpasan na ang bumper sa harapan ng ibang sasakyan.
3. Diliman ang iyong mga headlight para sa mga kasalubong na sasakyan o kapag walang 300 talampakan ang layo sa isang sasakyan:
 - a. Papalapit ka mula sa likod.
 - b. Papalapit sa iyo mula sa likod.
 - c. Nalagpasan mo na.
4. Kung makakita ka ng orange na karatula ng konstruksyon at mga cone sa isang freeway, dapat kang:
 - a. Magmabagal dahil magwawakas ang linya sa harapan.
 - b. Maging handa para sa mga manggagawa at kagamitan sa harap.
 - c. Lumipat ng linya at panatilihin ang iyong kasalukuyang bilis.
5. Legal ang mga u-turn sa mga distrito ng kabahayan:
 - a. Sa isang one-way na kalye sa isang berdeng arrow.
 - b. Kapag walang mga sasakyang papalapit.
 - c. Sa dalawang hanay ng solid na dobleng dilaw na linya.
6. Papayag kang kumuha ng pagsusuri sa dugo para sa nilalamang alak sa iyong dugo, hininga, o ihi:
 - a. Kung umiinom ka lang ng alak.
 - b. Sa tuwing nagmamaneho ka sa California.
 - c. Kung mabangga ka lamang.
7. Sa berdeng arrow, dapat kang:
 - a. Magbigay sa anumang sasakyan, bisikleta, o pedestrian sa panulukan.
 - b. Magbigay sa mga pedestrian lamang sa panulukan.
 - c. Maghintay nang apat na segundo bago magpatuloy.
8. Kapag nagmamaneho sa gabi sa madilim na kalye, dapat kang:
 - a. Magmaneho nang sapat na mabagal upang makahinto ka sa loob ng lugar na iniilawan ng iyong mga headlight.
 - b. I-on ang iyong mga high beam na headlight upang mas mahusay na makita ang mga sasakyan sa harap mo.
 - c. Panatilihin maliwanag ang mga ilaw ng instrument panel upang maging higit na nakikita ng ibang mga nagmamaneho.